

WARM-UP

- Magkuwento tungkol sa lugar kung saan lagi kang nakakaramdam ng kasiyahan at kapayapaan. Ano tungkol dito ang nagbibigay sa iyo ng ganitong pakiramdam?
- Ano ang isang bagay na nais mo sanang magawang baguhin sa iyong pamilya o kaya ay sa sitwasyon ng inyong pamilya? Bakit?
- Naranasan mo na bang gawin ang lahat ng makakaya mo upang tulungan ang isang tao na hindi mo malapit na kaibigan o kapamilya? Ano ang nangyari?

WORD *"Makinig kayo! Gagawa ako ng bagong langit at bagong lupa. Ang dating langit at lupa ay kakalimutan na."*

ISAIAH 65:17

Sa pamamagitan ng propetang si Isaias, inilarawan ng Diyos ang kapayapaan at pag-unlad para sa Kanyang mga mamamayan. Ito ay isang larawan ng buhay sa mundo kung saan ang kagustuhan ng Diyos ay nagaganap tulad ng sa langit. Pinili Niya tayo, ang Kanyang mga mamamayan, upang makibahagi sa pagsasakatuparan nito. Ngayon, titingnan natin ang uri ng mundo na maaari nating panabikan habang kumikilos ang Diyos sa atin at sa pamamagitan natin upang itatag ang Kanyang kaharian dito sa lupa.

1

Kagalakan: Isang mundong puno ng pagdiriwang at kasiyahan, kung saan kakalimutan na ang mga sakit.

17" Makinig kayo! Gagawa ako ng bagong langit at bagong lupa. Ang dating langit at lupa ay kakalimutan na. 18" Kaya magalak kayo at magdiwang ng walang hanggan sa aking gagawin. Sapagkat ang Jerusalem ay gagawin kong kagalakan ng mga tao, at ang kanyang mga mamamayan ay magbibigay din ng kagalakan. 19" Magalak ako sa Jerusalem at sa kanyang mga mamamayan. Hindi na maririnig doon ang iyakan at paghingi ng tulong o mga pagdaing." ISAIAS 65:17-19

May kagalakan sa mundong nais ng Diyos para sa atin. Ang bayan na ipinangako Niyang itatag ay itinalaga Niya na may *kagalakan ng mga tao, at ang kanyang mga mamamayan ay magbibigay din ng kagalakan.* Nais ng Diyos na makapiling ang Kanyang mga mamamayan at pagpalain sila. Nais pa Niyang tanggalin ang anumang dahilan na nagdudulot ng *iyakan at paghingi ng tulong o mga pagdaing.* Para sa iyo, ano ang larawan ng mundong puno ng kagalakan?

.....

.....

.....

2

Masagana: Isang mundong may kasaganaan, may buhay at kaginhawahan.

20" Doon ay walang mamamatay na sanggol o bata pa. Ang sinumang mamamatay sa gulang na 100 taon ay bata pa, at ang mamamatay nang hindi pa umaabot sa 100 taon ay ituturing na pinarusahan ko. 21" Sa mga panahong iyon, magtatayo ang aking mga mamamayan ng mga bahay at titirhan nila ito. Magtatanim sila ng mga ubas at sila rin ang aani ng mga bunga nito. 22" Hindi na ang mga kaaway nila ang makikinabang sa kanilang mga bahay at mga tanim. Sapagkat kung papaanong ang punongkahoy ay nabubuhay nang matagal, ganoon din ang aking mga mamamayan at lubos nilang pakikinabangan ang kanilang pinaghirapan. 23" Hindi sila magtatrabaho nang walang pakinabang at ang kanilang mga anak ay hindi daranas ng kamalasan. Sapagkat sila'y mga taong pinagpapala ng PANGINOON.

At ang kanilang mga anak ay kasama nilang pinagpala.”

ISAIAH 65:20-23

Puno ng buhay at kasaganaan ang mundo na nais ng Diyos para sa atin, kung saan lahat ay tumatanda nang walang takot ng karamdaman o kaya ay sakuna; ang sinumang naglalaan ng panahon upang magpatayo ng bahay ay may panahon upang manirahan dito; at ang sinumang namumuhunan gamit ang kanilang yaman ay masisiyahan sa kanilang matatag na kabuhatan. Maging ang pagiging magulang ay panahon ng kagalakan sa bawat pagkakataon. Ano sa palagay mo ang magbabago sa mundong nilikha ng Diyos para sa atin?

3

Mapayapa: Isang mundo kung saan ang mga tao ay may malapit na ugnayan sa Diyos at matatag na ugnayan sa isa't isa.

²⁴“Bago pa sila manalangin o habang sila’y nananalangin pa lang, sasagutin ko na sila. ²⁵Sa mga araw na iyon magkasamang kakain ang asong lobo at mga tupa, pati mga leon at mga baka ay kakain ng damo. At ang mga ahas ay hindi na manunuklaw. Wala nang mamiminsala o gigiba sa aking banal na bundok ng Zion. Ako, ang PANGINOON, ang nagsasabi nito.” **ISAIAH 65:24-25**

Mapayapa ang mundo na nais ng Diyos para sa atin. Binigyan tayo ng Diyos ng sulyap sa Kanyang kaharian: Siya ay magiging labis na malapit sa Kanyang mga mamamayan na magagawa Niyang tumugon bago pa man sila tumawag at sasagutin Niya sila bago pa man sila makapagsalita. Maging ang mga hayop na itinuturing na likas na magkakaaway ay hindi magsasakitan o wawasakin ang isa't isa sa Kanyang kaharian. Paano mo nakikita ang kapayapaan sa kaharian ng Diyos dito sa lupa?

APPLICATION

- Tingnan ang tatlong katangian ng mundo na nais ng Diyos para sa atin. Alin dito ang kapansin-pansin para sa iyo? Ano ang nagpapasabik sa iyo na makita ang planong pagpapanibago ng Diyos at paano magbabago ang pamumuhay mo dahil dito?
- Ano ang maaaring sinasabi sa iyo ng Diyos ngayon upang makibahagi ka sa Kanyang plano? Paano mo ito maisasakatuparan?
- May ipinapagawa ba sa iyo ang Diyos para sa isang komunidad? Paano mo magagawang simulan ang paglilingkod sa kanila ngayong linggo?

PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa napakagandang mundo na itinakda Niya para sa iyo. Pasalamatan Siya sa Kanyang salita at sa bakas ng Kanyang kaharian sa mundo.
- Ipanalangin na magkaroon ka ng maraming pagkakataon upang maging aktibo sa pagdadala ng Kanyang bagong langit at bagong lupa. Hingin sa Diyos kung ano ang magagawa mo sa larangan ng lipunan na kinabibilangan mo.
- Hingin sa Diyos na ipakita sa iyo kung paano ka maaaring makibahagi sa pagdadala ng ginhawa at tulong sa mga nangangailangan sa iyong komunidad. Ipanalangin na ikaw ay maging asin at ilaw sa mundo.



VICTORY

Honor God. Make Disciples.

© 2021 ng VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit nang may pahintulot mula sa
Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

victory.org.ph